



## Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Distrito ng Fallbrook Union High School, Trustee Area 1, Espesyal na Pagkabakanteng Eleksyon ay magsisimula sa Lunes, Ika-21 ng Agosto sa [Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego](#) na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego, CA, 92123 sa County Operations Center campus sa Kearny Mesa.

- Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas para sa pagboto mula Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Sa Araw ng Eleksyon, Ika-19 ng Setyembre, ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas para sa pagboto mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Pagsusuri sa Logic at Ganap na Kawastuhan ng Sistema ng Pagboto:

- Simula Huwebes, Ika-10 ng Agosto mula ika-10 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon, araw-araw o hanggang sa makumpleto.

Pagproseso ng mga Balotang Pangkoreo:

- Inaasahang magsisimula ang pagbeberipika ng mga sobrang pagbabalikan sa Ika-25 ng Agosto.
- Inaasahang magsisimula ang pagbubukas at paghahanda ng tabulasyon ng mga pangkoreong balota sa Ika-28 ng Agosto.
- Inaasahang magsisimula ang pag-scan ng balota at paghahatol sa Ika-8 ng Setyembre.

Ang mga resulta ng botohan ay ipo-post sa sumusunod na iskedyul:

- Matapos ang ika-8 ng gabi, Martes, Ika-19 ng Setyembre.
- Pagsapit ng ika-5 ng hapon, Biyernes, Ika-29 ng Setyembre
- Maaaring magkaroon ng mga karagdagang pag-post ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang opisyal na canvass ng eleksyon sa o bago ang Ika-19 ng Oktubre.

Mangyaring tandaan na ang opisina ay magsasara sa Lunes, Ika-4 ng Setyembre bilang paggunita sa Araw ng mga Manggagawa (Labor Day).

Pinapayagan ang pampublikong obserbasyon sa alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas. Kung kayo ay mayroong organisadong grupo ng mga boluntaryo at nais i-coordinate ang inyong aktibidad para sa obserbasyon ng mga grupo, kontakin kami sa 858-565-5800.